Asthma Medicines

- **Ang tamang mga gamot na pang kontrol sa hika.**
- **Ang dalawang pangunahing uri ng mga gamot sa hika ay ang madaliang lunas at pangmatagalang gamutan.**

Ang Tamang Gamot ay Nakakakontrol ng Hika

- Ang gamot sa hika ay bawas pangamba (napakaligtas) at mabisa.
- Hindi ka magugumon sa gamot sa hika.
- Napakahalagang gamitin sa tamang paraan ang (mga) gamot sa hika.
- May mga gamot na nagkakabisa lamang kung araw-araw mong iniinom.

Ang dalawang pangunahing uri ng mga gamot sa hika ay ang mga pangmadaliang ginhawang gamot at pang matagalang mga gamot.

Pangmadaliang Ginhawang Gamot – Ang iba pang mga pangalan sa gamot na ito ay ang mga sumusunod:

- Mga gamot pangligtas
- Mga panimulang gamut
- Mga bronchodilators

Lahat ng may karamdamang hika ay nangangailangan ng gamot na pangmadaliang ginhawa na tumutulong sa pagpigil sa ubo at mahirap na paghinga sa pamamagitan ng madaliang pagpapaluwag sa daluyang hangin ng baga. Subalit ito ay panandalian lamang. Kung ikaw ay gagamit ng gamot pangmadaliang ginhawa ng mahigit dalawa (2) o tatlong (3) beses sa loob ng isang linggo, mas maigi siguro na gamitin ang gamot pangmatagalan. Ang ibang mga pangalang tatak para sa ganitong gamot ay ang mga sumusunod: Albuterol, Proventil, at Ventolin.

San Diego Regional Asthma Coalition

AMERICAN LUNG ASSOCIATION® of California

San Diego Childhood Asthma Initiative

Pangmatagalang Gamot - Iba pang pangalan para sa mga gamot na ito ay ang mga sumusunod:

- Gamot pangiwas
- Gamot pang-kontrol
- Laban sa pang-mamaga

Pangmatagalang pang-kontrol na mga gamot ay mabisa lamang kung araw-araw mo iinumin. Makakapigil ang mga ito sa pamamaga ng daluyang hangin ng baga. Ito ang nagtutulak sa iyong baga ng may katamtamang lakas upang labanan sa araw-araw na pang- irita, kaya't di gaano ang sintomas ng hika at di malala ang hikang mararanasan. Ibang mga pangalang tatak para sa pangmatagalang gamot ay ang mga sumusunod: Flovent, Aznacort, Singulair, at Advair.

San Diego Regional Asthma Coalition
AMERICAN LUNG ASSOCIATION® of California
San Diego Childhood Asthma Initiative